BUOD NG MGA KAHILINGAN PARA SA


# VERY SMALL QUANTITY GENERATORS (VSQGs)




**Kung kayo ay nakakalikha ng higit sa 100 kg (220 lbs) ng hazardous waste at hindi higit sa 1 kg (2.2 lbs) ng acute hazardous waste kada buwan, kayo ay makokonsiderang isang VSQG. Bilang isang VSQG, kailangan ninyong sumunod sa tatlong requirement para sa basic waste management.**

Una sa lahat, kailangan ninyong kilalanin ang lahat ng mga hazardous waste na naiipon ninyo. Ikalawa, hindi kayo dapat mag-imbak ng higit sa 1,000 kg (2,200 lbs) ng hazardous waste o 1 kg (2.2 lbs) ng acute hazardous waste sa site mismo sa anumang oras. Panghuli, kailangan ninyong tiyakin ang pagde-deliver ng inyong hazardous waste sa isang off-site treatment o disposal facility na isa sa mga sumusunod (o kung ginagamot o tinatapon ninyo ang inyong hazardous waste sa site, ang inyong pasilidad ay dapat rin:)

- Isang regulated ng estado o pederal na hazardous waste treatment, storage, o disposal facility (TSDF).
- Isang pinapahintulutan ng pasilidad, may lisensya, o rehistrado ng isang estado na mamahala sa municipal o industrial na solid waste.
- Isang pasilidad na gumagamit, muling gumagamit, o lehitimong nagre-recycle ng waste (o gumagamot sa waste bago gamitin, muling gamitin, o i-recycle).
- Isang universal waste handler o destination facility na sumasailalim sa universal waste requirements ng 40 CFR Part 273. Ang mga universal waste ay mga hazardous waste tulad ng mga battery, recalled at nakolektang pesticide, mga thermostate na may mercury at iba pang mga kagamitain, mga may mercury na lamp, o mga aerosol can.




**Para sa tipikal na liquid na hazardous waste, 100 kg (220 lbs) ay katumbas ng halos kalahati ng isang 55-gallon drum.**

- Ang Large Quantity Generator (LQG) sa ilalim ng control ng parehong kompanya tulad ng VSQG, sa kondisyon na minarkhana ng VSQG ang mga container na ito gamit ang mga salitang "Hazardous Waste" at ang mga hazard ng mga nilalaman ng container (hal. gamit ang mga salitang ignitable, corrosive, toxic, o reactive o iba pang kinikilala sa bansang hazard label).
- Para sa hazardous waste pharmaceutical, isang reverse distributor o healthcare facility na nagtatrabaho sa ilalim ng naaangkop na mga seksyon ng Hazardous Waste Pharmaceuticals Rule sa 40 CFR Part 266 Subpart P.
- Para sa airbag waste, isang airbag waste collection facility o natalagang facility na nagtatrabaho sa ilalim ng 40 CFR section 261.4(j).

## MGA KAHILINGAN NG ESTADO

Ang ilang mga estado ay may mga karagdagang requirement para sa VSQGs. Halimbawa, kailangan sa ilang mga VSQGs para masundon ang ilang mga kahilingan sa ilalim ng Small Quantity Generator (SQG), tulad ng pagtatamo ng mga identification number ng EPA o pagsusunod sa mga pamantayan sa pag-iimbak. Basahin ang pahina 13 ng P***amamahala sa Inyong Hazardous Waste: Isang Gabay para sa Small Businesses*** (www.epa.gov/hwgenerators/managing-your-hazardous- waste-guide-small-businesses) para sa mga kahilingan sa SQG storage.

## PINAKAMAINAM NA PAMAMALAKAD

Mabuting ideya na tumawag sa naaangkop na nagpapatupad na ahensya para ma-verify ang TSDF na napili ninyo ay mayroong mga kinakailangan pahintulot, atbp. Maaaring gusto rin ninyong kumpirmahin na ang pasilidad ay angkop sa isa sa mga bulleted category na nakalista sa unang pahina. Tiyakin na isadokumento ang inyong mga pagsisikap para makumpirma ang facts na ito sa inyong mga rekord.

## WASTE CONSOLIDATION MULA SA VSQGS

Kung kayo ay isang VSQG na parte ng isang mas malaking kompanya, maaari ninyong mabawasan ang inyong pangkalahatang pananagutan sa kapaligiran, mapahusay ang pamamahala ng inyong hazardous waste, at mabawasan ang pangkalahatang pamamahala sa waste na mga gastusin sa pamamagitan ng pagsamahin sa inyong VSQG hazardous wate sa ilang LQG sa loob ng inyong kompanya. Una, tiyakin sa inyong estado upang makita kung napatupad nito ang VCQG-

Ang kondisyon ng pagsasama ng LQG mula sa Generator Improvements Rule ng EPA. Kung ang lokasyon ng LQG ay nasa ibang estado, dapat ipatupad ng parehong estado ang mga regulasyon sa pagsasama na ito bago ninyo ipataw ang kondisyong ito. Ang lahat ng mga VSQG at LQG ay dapat na kontrolado ng parehong kompanya para makasali sa opsyon ng pagsasama.

Para maumpisahan ang pagsasama, sasabihin ng LQG sa nagpapatupad na ahensya na plano nitong isama ang VSQG waste nito sa pasilidad gamit ang EPA Site ID. Ang abiso ay dapat isumite ng kahit man lang 30 araw bago matanggap ang unang shipment mula sa isa sa mga VSQG nito. Susulatan rin ng LQG ang addendum sa Site ID Form na nakalista sa mga VSQG na lumalahok sa programa.

Ang lahat ng mga kalahok na VCQG ay kailangan na magmarka sa mga container nito gamit ang mga salitang "Hazardous Waste" at maayos na indikasyon ng mga hazard ng nilalaman. Matitiyak nito ang delivery ng waste nito sa lokasyon ng LQG, na tinitiyak na ito ay napapailalim parati sa pangkalahatang limitasyon sa akumulasyon para sa mga VSQG (mas kaunti sa 1,000 kg ng non-acute hazardous waste o 1 kg ng acute hazardous waste). Tapos ay pamamahalaan ng LQG ang VSQG wate kasama ng sarili nitong malikhang mga hazardous waste na sumusunod sa lahat ng mga kahilingan ng LQG.

## MGA PINAGKUHANAN NG IMPORMASYON

- Webpage ng Pangunahing Hazardous Waste Generators: www.epa.gov/hwgenerators
- Site ID Form: www.epa.gov/hwgenerators/how-hazardous-waste-generators-transporters-and-treatment-storage- and-disposal
- Pamamahala sa Inyong Hazardous Waste: Isang Gabay para sa Maliliit na Negosyo: www.epa.gov/hwgenerators/managing-your- hazardous-waste-guide-small-businesses
- Mga Regulasyon ng Hazardous Waste Generator: www.epa.gov/hwgenerators/hazardous-waste-generator-regulatory- summary

Hulyo 2020
EPA 530-F-20-002